

Sikhay Kilos

College of Social Work and Community Development

VOL. XVIII JUNE 2018



Editor's Note



Asst. Prof. John Erwin S. Bañez *Editor-in-Chief*

Malaki ang pagbabago ng *newsmagazine* sa isyu na ito. Maikli pero siksik sa mga mensahe, aral, pagbabalik-tanaw, hamon, at tagumpay. Tampok rin ang ilang pagbabahagi ng karanasan ng nagsipagtapos na mga Iskolar ng Bayan.

Minarapat naming ialay ito sa *batch* 2018 kaya nakasentro sa mga mag-aaral ang mga artikulo at larawan. Gusto naming makipagdiwang sa inyong *accomplishment*.

Ang detalyadong ulat ng *academic departments* at unit ay ilalabas pa rin sa isang espesyal na publikasyon.

Hangad namin na maging memorabilia ninyo ito bilang tulong sa inyong pag-alala sa lahat ng hirap at saya na naranasan bilang estudyante ng CSWCD.

Salamat sa mga estudyante, malaki ang kontribusyon ninyo upang maisakatuparan ang hangarin na ito.

Muli, *congratulations!*

Sikhay Kilos Newsmagazine **June 2018 | Vol.VIII**

Editor-in-Chief **Asst. Prof. John Erwin S. Bañez**
Managing Editor/Layout Artist
Edgie Francis B. Uyanguren
Copy Editors **Rose Angeli M. Hernandez**
Mr. Honorio B. De Dios | Prof. Mary Lou L. Alcid
Prof. Sylvia Estada-Claudio, M.D., Ph.D.
Writers and Contributors
Leah B. Angeles | Anne-Di V. Berdin
Valerainne R. Lopez | Celeste F. Vallejos
Jose Daniel D. Melgar | Samantha Joyce L. Quibot
Aura C. Sevilla | Bianca Camille P. Luna
Asst. Prof. **Rowena A. Laguilles**
Caryl Jean Gabriela O. Lucero
Mark C. Macapinlac | Alfonso R. Mendoza III
Administrative Support | **Paulo G. Ileta**

Ang Sikhay Kilos newsmagazine ay ang taunang publikasyon ng UP CSWCD na naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa Kolehiyo. Inilalabas ito sa araw ng pagtatapos ng mga Iskolar ng Bayan sa kolehiyo.



<http://cswcd.upd.edu.ph>



UPCSWCD

About the Cover

Ang pamumukadkad ng mga sunflower o mirasol sa University Avenue ay inaabangan taun-taon. Ito ay hudyat ng selebrasyon para sa mga Iskolar ng Bayan na matapos ang ilang taong pagpupunyagi at pagsisikap ay hahakbang sa panibagong yugto.

Tulad ng mga mirasol, ang mga Iskolar ng Bayan ay busilak at ginintuan sa pagsisilbi sa bayan.

Mabuhay ang mga pag-asa ng bayan!

Mensahe sa mga Nagtapos

Prof. Sylvia Estrada-Claudio, M.D., Ph.D.
Dean, CSWCD

Ikinalulugod ko kayong batiin ngayong araw sa okasyon ng ika-107 na pagtatapos ng Unibersidad ng Pilipinas.

Binabati ko rin ang inyong mga mahal sa buhay. Iba't - iba ang porma ng pamilyang Pilipino ngayon. Ngunit binabati ko ang lahat ng naging bahagi ng inyong tagumpay: magulang, asawa, kapatid, lolo o lola. Binabati ko ang mga nandirito sa bulwagang ito at ang mga nasa probinsya o kaya sa ibang bansa.

Kasama kong nagdidiriwang ang lahat ng guro at kawani ng CSWCD. Taun-taon, sandali kaming tumitigil sa mga pang-araw-araw na gawain upang ihatid kayo palabas ng Unibersidad. Sana'y bumalik kayo. Bumalik upang ipagpatuloy pa ang pag-aaral o 'di kaya bilang mahal na alumni.

Para sa karamihan sa inyo, ito na ang huling pagkakataon na maaari namin kayong pangaralan. Huling hirit at huling hugot, ika nga. Kaya't, alinsunod sa tradisyon, heto ang pabaon kong mga leksyon. Nawa'y bitbitin ninyo ito ngayong may haharapin kayong mga bagong hamon.

Honor and Excellence. Karangalan at Kahusayan. Serve the People. Paglingkuran ang Sambayanan. Iskolar ng Bayan. Iskolar Para sa Bayan. Walang dumaraan sa UP na hindi alam ang mga katagang iyan.

Nguni't oras na pumasok ka sa CSWCD, markado ka na. Markado ka na bilang isang produkto ng UP na malalim ang pag-unawa at matibay ang paninindigan upang buhayin ang mga panuntunan o values na ito.

Alam ninyo na taumbayan ang nagpaaral sa inyo. Kahit hindi ninyo inabot ang *free tuition fee* na sinimulan pa lamang nitong huling semestre, halos libre pa rin ang pag-aaral ninyo. Napakaliit ng inyong matrikula kumpara sa subsidyong tinatanggap ninyo mula sa taumbayan. Iskolar kayo ng inyong mga pamilya nguni't iskolar din kayo ng bayan.



CSWCD Administration

Prof. Sylvia Estrada-Claudio, M.D., Ph.D.
Dean

Prof. Mary Lou L. Alcid
College Secretary

Assoc. Prof. Ma. Linnea V. Tanchuling
Chair, Dept. of Community Development

Assoc. Prof. Yolanda G. Ealdama
Chair, Dept. of Social Work

Assoc. Prof. Teresita V. Barrameda, DSD
Chair, Dept. of Women and Development Studies

Prof. Ma. Theresa V. Tungpalan, Ph.D.
Director, Doctor of Social Development Program

Asst. Prof. John Erwin S. Bañez
Director, Research and Extension for Development Office

Ms. Soledad J. Fonseca
College Librarian

Ms. Mary Jane R. Demegillo
Administrative Officer

Ms. Valerainne R. Lopez
REPS Representative

Mr. Alfonso R. Mendoza III
Student Representative

Maging iskolar kayo PARA sa bayan. Dapat ninyong gamitin ang lahat ng natutunan, ang inyong buong isip at puso, upang maglingkod sa sambayanan. Dapat tiyakin na ang inyong paglilingkod ay laging marangal at mahusay. Sa kasalukuyan, malinaw ang pangangailangan sa dalawang kagalingan. Naghihintay pa rin ang ating bayan para sa mga mamumuno at lingkod na hindi lang mahusay kundi marangal. Sawang-sawa na tayo sa mga walang alam, sa mga tiwali, at lalo na sa mga wala na ngang alam ay tiwali pa.

Ang pinakamalalim na hugot ko ay may mga nagsasabing maaari nilang isakripisyo ang pamilya at talikuran ang mga tungkulin sa pamilya dahil nananawagan ang bayan.

Ikinalulungkot ko tuwing makarinig ako ng pagsisinungaling o panlilinlang sa kapwa dahil daw makakatulong ito sa masa. Hindi po. May kasabihan ang mga peminista: "*the personal is political*". Ang ibig sabihin nito ay ang pakikitungo natin sa bawa't tao ay wala dapat ipagkaiba sa pakikitungo natin sa karamihan.

Honor and Excellence. Karangalan at Kahusayan. Serve the People. Paglingkuran ang Sambayanan. Iskolar ng Bayan. Iskolar Para sa Bayan. Walang dumaraan sa UP na hindi alam ang mga katagang iyan.

Hindi madali ang aming hinihingi sa inyo. Alam ng mga guro ninyo kung ano ang disiplina ng pagpapakadalubhasa. Sabay-sabay naman tayong nagsusunog ng kilay, nagbabasa, nagtatanong at humahanap ng katotohanan. Nawa'y dalhin ninyo ang paalala na habang buhay ay patuloy kayong tumutuklas at natututo. Huwag tumigil sa pagtatanong, huwag matakot sa pagpapalitan ng opinyon, huwag tumigil sa pagtuturo din sa kapwa. Higit sa lahat, huwag kalimutang makisalamuha sa mga inaapi, sa mga pinatatahimik, at sa mga nasa laylayan ng lipunan.

Kung gaano kahirap maging dalubhasa, ganun din naman kahirap ang panatiliin at pagtibayin ang inyong integridad. Hindi ko lamang tinutukoy ang mga tukso ng suhol o iba pang materyal na bagay na maari ninyong kamkamin na hindi pinaghirapan. Mahalagang mapangibabawan ang mga tuksong ganito. Nguni't higit na mahalaga ang integridad tungo sa kapwa, kasama na dito ang inyong pamilya.

Kaya't kung sa hinaharap kayo ay matutukso na gumawa ng mali, isipin ninyo sana kaming lahat sa CSWCD, mula Dekana hanggang *utility worker* na sumisigaw na "huwag!"

Nguni't higit sa lahat alalahanin ninyo kami at ang masasayang araw ninyo sa kolehiyo. Alam kong hindi naman lahat sa inyo ay nadalian. Alam kong nagdaan kayo sa mga panahon ng ligalig. Nguni't maniwala kayo, ngayon na natapos na ninyo, magiging masaya ang inyong mga alaala.

Magkikita naman tayo. Tiyak yon. Kahit saan ako pumunta sa bansang ito, kung hahanapin ko ang mga ahensya ng gobyerno, organisasyon, institusyon, at maging indibidwal na direktang naninilbihan sa mga pinakamahirap---malamang may graduate ng CSWCD. Malamang kapag umiikot ako at ang iba pa ninyong mga guro sa sarili naming pakikisalamuha sa masa, kayo na rin ang aming aabutan doon: Kayo sa piling ng nakararami.


Muli, mabuhay at buong puso ko kayong binabati.

SIKLAB:

MULA SA DAGITAB NG TEORYA AT PRAKTIKA TUNGO SA NAG-AALAB NA PAGLILINGKOD SA SAMBAYANAN

Tema sa Pagtatapos ng mga Mag-aaral ng CSWCD

Batch 2018



"Ang tema ng CSWCD ngayong taon sa pagkilala sa mga nagsipagtapos ay Siklab. Sinisimbulo nito ang pagpapalakas ng apoy na nagliyab sa buong panahon ng pag-aaral sa loob ng kolehiyo. Hindi ito ang araw na magtatapos ang apoy ng mga prinsipyong itinanim ng kolehiyo, bagkus, ito ang araw na lubos pang pinalalakas ang apoy ng mga prinsipyong itinanim ng Kolehiyo tungo sa lubos na paglilingkod sa sambayanan. Mabuhay ang mga nagsipagtapos!"

Mark C. Macapinlac

Chairperson, CSWCD Graduation Committee 2018

Iskolar ng Bayan

Pagmumuni, Pagbabahagi, Pasasalamat



Jose Daniel D. Melgar

Bachelor of Science in Community Development

"Ang ikinaganda ng ating mga pagkakamali ay ang pananatili nito sa nakaraan at ang pagkakaroon ng pagkakataon upang ito'y itama."

Minsan lamang akong magbalik-tanaw sa mga pagkakataong binahaginan ako ng kaalaman ng aking mga magulang. Subalit natatangi ang alaalang ito. Nabanggit ito ng aking nanay humigit kumulang tatlong taon na ang lumipas habang ako'y naghahandang lumipat sa kursong Community Development. Walang katiyakan ang pagtanggap sa akin ng departamento at kung ituturing ang aking nakaraan bilang isang palaboy at pabayang estudyante, halos imposible ito. Kinailangang tanggapin ko ang katotohanang hindi ko kontrolado ang magiging desisyon at nagsilbing pampakalma ang mga salitang iyon ng aking ina habang inaantay ang aking kapalaran. Kung tutuusin, ang mga salitang iyon ay nagsilbing simula ng isang dahan-dahan ngunit malawakang pagbabago sa aking pagkatao at pagtingin sa buhay. Lingid sa aking kaalaman na ang paglalakbay ko sa CD ay magiging isa sa mga pinakamakabuluhan at hindi malilimutang karanasan na aking pagdadaan.

Ang CD ay lumilintang at nagpapayaman sa isang kritikal at mapanuring kapaligiran na humamon sa akin na patuloy na magsuri at magbalik-tanaw sa mga perspektibo at karanasan na gumagabay sa aking mga pagkilos at paggawa sa lipunan. Muli nitong binigyang sigla ang aking patuloy na paghahanap at pagtuklas sa sariling pagkakakilanlan at kabuluhan sa buhay. Higit sa lahat, ang CD ay nagturo sa akin na huwag palipasin ang mga pagkakataong maaari tayong umusbong at mamunga sapagkat minsan lamang tayo datnan ng mga ito.

Ang aking paglalakbay tungo sa pagkatuto at pagkilala sa sarili ay 'di nagtatapos dito. Bagamat mayroong mga panibagong katanungan at agam-agam sa susunod na yugto ng aking buhay, nananatiling panatag ang aking kalooban sapagkat kailangan ko lamang balikan ang aking mga karanasan sa CD upang humugot ng lakas at inspirasyon. Taos-pusong pasasalamat sa tatlong makabuluhang taon, CD. Hindi kailanman matutumbasan ang karanasang ito.



Samantha Joyce L. Quibot

Bachelor of Science in Social Work

Simulain ng Pagbabago.

Noong bago pa lang ako sa CSWCD, nahirapan akong isipin kung ano ang mangyayari sa akin sa paglagi ko sa kolehiyo, o kung ano ang aking patutunguhan pagkatapos ng buhay ko sa unibersidad. Sa panahong iyon, ako ay isang nalilitong estudyante na naghahanap ng kanyang layunin sa buhay. Naniniwala ako na may pagkakaparehas tayong lahat sa sitwasyong ito. Meron sa ating naging isang naguguluhang *freshie*, mga *shiftee* na naghahanap ng bagong landas sa buhay, at mga lider ng kinabukasan na naghahanap ng paraan kung paano o saan sila hahakbang tungo sa tagumpay.

Para sa akin, ang kolehiyo ang nagsilbing sulo na tumulong sa aking hanapin ang daan para maliwanagan sa aking kailangang gawin. Sana ay parehas din ang inyong pananaw. Ang Kolehiyo ay hindi lamang isang ahente ng pagbabago na nililintang ang mga kasanayan at kaalaman ng ating mga sarili. Ito rin ay isang lugar kung saan nahuhubog ang isang indibidwal na hindi lamang maging isang tao na gumagalaw para sa kaniyang sarili, ngunit para sa iba din. Ang mga kursong natapos natin ay umpisa lamang ng mahaba at natatanging byahe, ang unang dagitab sa pagsiklab ng apoy ng paglilingkod. Ating gamitin ang mga pagbabagong nasimulan sa atin, at ituon ito sa pagbibigay serbisyo sa mga mamamayan ng ating bansa sa abot ng ating makakaya.



Aura C. Sevilla, R.N.

Master of Community Development

Sa mga kapwa ko mag-aaral ng Community Development (CD),

May mga sugat na madaling maghilom --araw o buwan lang ang hinihintay. Iyan dati ang kaharap ko bilang isang Registered Nurse.

Ngunit simula nang naging bahagi ako ng gawaing pagpapaunlad, lalo na sa sektor ng nakatatanda, at naging mag-aaral ako sa Kolehiyo, napagtanto ko na ang malalim at mapanlinlang na sakit ng lipunan ang aking kaharap.

Hangad ko na sa simple kong adbokasiya, pagsusulong ng mga karapatan at pagpapakalat ng kaalaman sa mga isyu na nagpapahirap at nang-aapi sa mga batayang sektor tulad ng ating mga nakatatanda, ay unti-unti akong nagiging isang kalugod-lugod na CD graduate na pinapangarap ng ating Kolehiyo.

Hilumin natin ang ating bansa. Tayo'y magtulungan sapagkat ang klase ng kanser na ito ng lipunan ay nangangailangan hindi lamang ng mga nars, kailangan rin ng bayan ang pinagsamang lakas at galing ng mga CD workers.



Bianca Camille P. Luna

Master of Arts in Women and Development

- Nabanggit sa akin dati ng mentor ko, “kapag naubos na ang teorya, balik lang sa puso.”

Puso. UP. Utak at Puso. Kung may mabibitbit man ako mula sa ilang taon kong pananatili sa unibersidad, iyon ay ang halaga ng pagiging magkatuwang ng utak at puso sa paglilingkod sa bayan. Itinuro sa atin ng UP na mas malaki ang mundo kaysa sarili, at dahil doon, sama-sama nating paglingkuran ang iba, lalo na ang mahihirap at nasa laylayan. Lahat ng ating pagsuon sa mundo ng pananaliksik at teorya sa loob ng silid-aralan ay mawawalan ng silbi kung hindi natin gagamitin sa pagpapalaya nating mga Pilipino mula sa kahirapan.

Naging personal na paglalakbay para sa akin ang pag-aaral ng feminismo bilang mag-aaral ng *Women and Development*. Pinapaalala sa atin ng feminismo ang halaga ng kritikal na pagsusuri kasabay ng pagiging maunawain sa sarili at ibang tao. Palagi pa rin ako nitong dinadala sa pagtatanong at pagninilay tungkol sa mga prinsipyo't paniniwala ko, sa mga ugnayang nabubuo ko sa mga lalaki at babae sa buhay ko, at sa mga pinagdaanang karanasan—kung sakit man, saya, o pag-asa—ng mga kapwa babaeng nakilala ko. Sa pagding ko sa mga kuwento ng marhinalisado, nagigiit lang lalo sa akin ang halaga ng pagkatuto mula sa mga taong inaapi ng lipunan, at hinahamon ako nitong makapag-ambag sa paglikha ng mundong pinapanindigan ang halaga ng kasarian, pagkakapantay-pantay, at hustisiya.

"Humayo't itanghal
Giting at tapang
Mabuhay ang pag-asa
ng bayan"

UP Naming Mahal
Teogenes Veles, 1917



Asst. Prof. Rowena A. Laguilles

Doctor of Social Development

Magaan sa diwa ang magtapos sa programa ng Doctor of Social Development.

Natatangi ang programang ito para sa kanyang matinkad na paninindigan na ang pagyakap sa makataong adbokasiya ang siyang nagbibigay kabuluhan sa pag-aaral at sa pagpapakadalubhasa. At samantalang hindi nito tinatawaran ang halaga ng personal na pagnanais, talento, at kakayanan sa pagtahak ng landas patungo sa panlipunang pagbabago, nananatili rin ang masigabo nitong pagkilala at pakikipagtulungan sa mga komunidad bilang lunduyan ng pagkatuto, pagkilos at pag-asa.

Maigting ang pangangailangang tumugon sa mga kasalukuyang hamon sa ating lipunan, lalo't pilit ikinakahon ang damdamin at isipan natin sa takot, alinlangan, kawalang pag-asa, at pagod. Lalong nagiging mapanubok ang gawaing pagpapaunlad; ngunit dala ang mga pangarap, kaalaman, kasanayan, at kahandaang makipagtulungan sa mga komunidad –mga katangiang inaruga ng programa, kolehiyo, at unibersidad – nananatiling masigasig ang loob kong makibahagi sa pagsagot sa mga hamong ito.

Isang patuloy na karangalan ang maging Iskolar ng Bayan.

SNAP SHOTS

ng mga Iskolar ng Bayan



Aktibong nakikibahagi ang mga mag-aaral ng CSWCD sa samut saring gawain sa loob at labas ng Unibersidad. Halimbawa nito ay ang mga pagkilos at talakayan ukol sa panlipunang mga usapin gaya ng pagtutol sa batas militar sa Mindanao na pinangunahan ng Konseho ng mga Mag-aaral at mga organisasyon.



Sa pamamagitan ng *Field Instruction program* ng Kolehiyo, naisasaprakita ng mga Iskolar ng Bayan ang mga teorya at mga aralin na natutunan sa loob ng klase. Halimbawa nito ay fieldwork ng mga mag-aaral sa Tarlac at *exposure* sa komunidad ng Ayta. Isinasagawa rin ang *study tour program* kagaya ng pagbisita ng *Doctor of Social Development students* sa Hanoi, Vietnam nitong Marso 2018.



Ang mga organisasyong tulad ng JSWAP at CD Circle ay naglulunsad rin ng mga aktibidad para sa kanilang mga miyembro. Katuwang sila sa makabuluhang mga proyekto ng mga Iskolar ng Bayan para sa komunidad.



BALIK-TANAW: PAGTINDIG SA MGA HAMON AT TAGUMPAY

Saksi ang buong Kolehiyo at komunidad sa iba't ibang mga hamon at tagumpay na hinarap at ipinagdiwang ng CSWCD sa nakalipas na taon. Kaya magandang sariwain ang iba't ibang pangyayari na lalong nagpatatag sa bawat isa.



01 Ipinarada ng mga guro, REPS, kawani, komunidad at mga mag-aaral ng CSWCD ang parol nitong "Hustisiya de Belen" na may temang pagtataguyod sa karapatang pantao noong Disyembre 15, 2017.

02 Pinangunahan ni UP Diliman Chancellor Michael Tan ang *Affirmation Rites* ni Dean Sylvia Estrada-Claudio. Kasama ni Dean Claudio ang kanyang pamilya at mga bisita mula sa ibang mga Kolehiyo at yunit sa seremonya na naganap sa CSWCD grounds noong Pebrero 21, 2018.

03 Binigyang pagkilala ng CSWCD ang *alumni* at *jubilarians* nito sa selebrasyon ng CSWCD @50 noong Agosto 26, 2017.



04 Inilunsad noong Pebrero 23, 2018 ang *Volume 10* ng *Philippine Journal of Social Development* sa CSWCD Conference room. Ang mga guro at mananaliksik na may-akda ng mga artikulo sa publikasyon ay kinilala at binigyan ng kanilang complimentary copies.

05 Binigyang parangal ang mga faculty, REPS, at administrative staff para sa kanilang serbisyo sa Unibersidad at Kolehiyo noong Pebrero 21, 2018.

Ang sumusunod na nasa larawan ay ang UP Loyalty Service awardees at CSWCD service awardees: Benjamin Menor (35 taon na paglilingkod sa UP), Assoc. Prof. Ma. Linnea Tanchuling (25 taon na paglilingkod sa CSWCD), Celeste Vallejos (10 taon na paglilingkod sa UP), Charito Romanillos (10 taon na paglilingkod sa CSWCD), at Asst. Prof. Nathalie Verceles (10 taon na paglilingkod sa CSWCD).



06 Nasungkit ng Sikhay Kilos, ang programa sa radyo ng CSWCD, ang dalawang major awards ng Gandingan 2018 noong Marso 17. Tinanggap nina Assoc. Prof. Roselle Leah Rivera at Asst. Prof. Hazel Lamberte ang gantimpala bilang Most Development-Oriented Radio Public Service program at Most Development-Oriented AM program.

Mapapakinggan ang Sikhay Kilos tuwing Biyernes, 12:00 ng tanghali, sa DZUP 1602 AM. Kasama bilang co-hosts at co-producers ng programa sina Asst. Prof. Devralin Lagos at Edge Uyanguren.

07 Isang forum ukol sa Martial Law sa Mindanao ang isinagawa noong Pebrero 21, 2018. Pangunahing mga tagapagsalita ang mga lider ng Lumad o katutubo mula sa Mindanao.



*Isang maligaya at makabuluhang paglalakbay!
- mula sa inyong pamilya sa CSWD.*

